# TIMPALAKAN

1/8/2020
Reproduction No. 007, s. 2020
GERMELINA H. PASCUAL CESO V
Schools Division Superintendent

## UP LAKAN

### Executive Committee
A.Y. 2019-2020

**Ellarizza Fredeluces**
Chairperson

**Ted Angelo Cruz**
Vice Chairperson for Internal Affairs

**Georgie Kate Vinagrera**
Vice Chairperson for External Affairs

**Franz Margarette Allmerong**
Secretary

**Renzo Miguel Perez**
Treasurer

**Paolo Valencia**
Academic Affairs Committee Head

**Ruth Magdalene Castro**
Publicity Committee Head

**Rhocelle Clarice Bernardo**
Special Events and Culture Committee Head

SDO OF BULACAN
RECEIVED
JAN 07 2020
9:10
RECEIVED
JAN 07 2020
By:
Time:

Ika-7 ng Enero 2020

*Ms. Germelina H. Pascual, CESO V*
*Schools Division Superintendent*
*Department of Education*
*Schools Division of Bulacan*

Pagbati!

Kami po ang **UP LAKAN**, sosyo-sibikong samahan ng mga Bulakenyong mag-aaral ng Unibersidad ng Pilipinas na hindi umaanib sa anumang partidong pulitikal at hindi kumikita ng salapi para sa personal na interes. Bilang isang kinikilalang organisasyon ng ***National Youth Commission (NYC)*** at aktibong kasapi ng ***UP Sanlahi Alliance***, kami po ang sanlakas ng mga iskolar ng bayan na pinagbuklod ng layuning umagapay sa mga kababayan sa unibersidad at sa lalawigan. Batay sa ganitong prinsipyo, patuloy po kaming naglulunsad ng mga gawain at mga proyektong ang makikinabang ay kapwa rin mga Bulakenyo. Sa 29 na taong pagsusulong ng kagalingan sa paglilingkod, minsan na po kaming kinilala at pinarangalan ng **Gintong Kabataan Award for Public Service** noong 2009, **Oblation Run Awards for Service, 2nd Runner-Up Organization** noong 2015, **Search for Outstanding Volunteers, National Outstanding Volunteer Award** noong 2016, at **Natatanging Samahang Pang-mag-aaral** sa UP Diliman nitong Abril 2017.

Kaugnay ng pagtataguyod ng mga sosyo-sibikong gawain at pagsusulong ng kagalingang
serbisyo-akademiko sa lalawigan, idadaos po namin ang **Timpalakan 2019**, isang patimpalak para sa mga mag-aaral ng mga mababa at mataas na paaralan sa lalawigan. Ang para sa elementarya ay gaganapin sa ika-**18 ng Enero, 2020** (Sabado) sa **Jesus Is Lord Colleges Foundation, Inc., Bocaue, Bulacan** at ang para naman sa mataas na antas ay sa **ika-25 hanggang ika-26 ng Enero, 2020** (Sabado at Linggo) sa **Dr. Yanga's Colleges, Inc., Bocaue, Bulacan.**

Ang patimpalak na ito ay mayroong pitong kategorya; *Essay Writing (English)*, Pagsulat ng Sanaysay (Filipino), *Poster Making*, *Group Quiz Bee*, para sa parehong antas *at Impromptu Speech*, Talumpating di-Handa, at *Debate* ay karagdagang patimpalak para sa mataaas na antas. Ang mga mananalo sa paligsahang ito ay siya ring magiging mga kinatawan ng ating lalawigan sa **PATALASANLAHI 2020**, isang pambansang kompetisyon na gaganapin sa Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Lungsod

UP LAKAN
Executive Committee
A.Y. 2019-2020

Ellarizza Fredeluces
Chairperson

Ted Angelo Cruz
Vice Chairperson for Internal Affairs

Georgie Kate Vinagrera
Vice Chairperson for External Affairs

Franz Margarette Alimorong
Secretary

Renzo Miguel Perez
Treasurer

Paolo Valencia
Academic Affairs Committee Head

Ruth Magdalene Castro
Publicity Committee Head

Rhocelle Clarice Bernardo
Special Events and Culture Committee Head

ng Quezon at lalahukan ng mga paaralan mula sa iba't ibang lalawigan sa bansa. **Kaugnay po nito, nais po naming hingin ang tulong ng inyong ahensya upang i-endorso ang patimpalak na ito.**

Maaari po kaming makipag-ugnayan sa inyo gamit ang mga detalyeng pang-komunikasyong
kasama sa liham na ito para sa anumang tugon, o tanong, o iba pang mga bagay na may
kinalaman sa gawaing ito.

Pauna na po naming iniaabot ang aming pasasalamat sa anumang magiging tugon ninyo.

Nananatili at gumagalang,

**Georgie Kate Vinagrera**
Pangalawang Panlabas na Pangulo
UP LAKAN
0906 511 2802

**Paolo Valencia**
Tagapangulo, Lupong Pang-Akademikong Gawain
UP LAKAN
0918 536 4637

**Carl Marcelo**
Project Head, Timpalakan
UP LAKAN
0947 205 1027

**Ellarizza Fredeluces**
Panglo
UP LAKAN
0936 477 5273